Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 3, 2009, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Kag. Oscar F. Feliciano | ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 024-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T2009/ KAUTUSAN BLG. 22-T2009 NG BARANGAY POBLACION IV NA NAGPAPATIBAY SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) PARA SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN LIMAMPU'T DALAWANG LIBO LIMANG DAAN APATNAPU'T ISANG PISO (P152,541.00).**

**SAPAGKA'T,** may mga binalangkas na programa, , proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay Pob. IV para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang 20% pondong pangkaunlaran para sa AIP ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Laura P. Obligacion at John Carlos C. delos Reyes at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T2009 / Kautusan Blg. 22-T2009 ng Barangay Pob. IV na nagpapatibay 20% pondong pangkaunlaran (20% development fund) para sa Annual Investment Plan (AIP) ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P152,541.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Pob. IV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang lahat ng nakasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan